# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-17 ng Hunyo, 2025

## Nagpapaalala ang Tagapagrehistro sa mga Botante ng Distrito Isa na Bumoto nang Maaga para sa Espesyal na Pangkalahatang Eleksyon

Kung kayo ay isang rehistradong botante na naninirahan sa Unang Superbisoryal na Distrito ng County ng San Diego at hindi mo pa nabutohan ang inyong balota, makakatanggap kayo ng paalala na mayroon na lamang kayong kulang sa dalawang linggo para bumoto sa darating na espesyal na pangkalahatang eleksyon sa Ika-1 ng Hulyo.

Ang Tagapagrehistro ay nagpadala ng mahigit 335,000 postkard na paalala sa mga rehistradong botante sa Distrito 1 na hindi pa bumoto noong Ika-11 ng Hunyo.

Ang taong nahalal ay magpupunan sa bakanteng posisyon ng distrito para sa natitirang bahagi ng kasalukuyang termino na magtatapos sa Enero ng 2029. Tanging ang mga botante lamang na naninirahan sa distrito ang maaaring bumoto sa eleksyon.

Ang Distrito 1 ay umaabot mula sa Pacific Ocean hanggang sa mga kabundukan ng Otay at San Miguel sa silangan (east), at mula sa Barrio Logan sa hilaga (north) hanggang sa internasyonal na border ng U.S./Mexico sa timog (south). Kasama sa distrito ang mga lungsod ng Chula Vista, Imperial Beach, National City, at ilang komunidad sa loob ng Lungsod ng San Diego, kabilang ang Barrio Logan, East Village, Golden Hill, at higit pa. Kasama rin dito ang mga unincorporated na lugar ng Bonita, East Otay Mesa, Lincoln Acres, Sunnyside, La Presa, at mga bahagi ng Spring Valley.

Kung hindi kayo sigurado kung kayo ay nakatira sa Distrito 1, maaari mo itong hanapin sa sdvote.com.

Huwag patagalin! Kung hawak pa ninyo ang inyong balota, kumilos na. Bumoto mula sa inyong tahanan at isauli ang balota sa pamamagitan ng koreo – hindi kailangan ng selyo – o sa anumang 29 na mga opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro sa buong distrito. Maaring tandaan na pirmahan at petsahan ang inyong sobreng pagbabalikan ng balota. Kinakailangan ninyong pirmahan ang inyong sobreng pagbabalikan upang mabilang ang inyong boto.

# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-17 ng Hunyo, 2025

Ang mga opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro ay bukas ng 24 na oras araw-araw hanggang sa ika-8 ng gabi hanggang sa pinal na araw ng pagboto, Ika-1 ng Hulyo. Bisitahin ang sdvote.com upang i-check ang list ng mga lokasyon o ang locator map upang hanapin ang pinakamalapit sa inyo.

Ang maagang pagboto ay nagsimula na sa opisina ng Tagapagrehistro mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes. Ang opisina ng Tagapagrehistro ay isasara sa Huwebes, Ika-19 ng Hunyo, bilang pag-obserba sa Juneteenth.

Kapag mas maaga na matatanggap ng opisina ng Tagapagrehistro ang inyong balota, mas maaga rin itong mapoproseso para sa unang paglabas ng mga resulta sa gabi ng eleksyon.

Ang mga karagdagang opsyon upang bumoto nang personal ay magsisimula sa Sabado, Ika-21 ng Hunyo, sa pagbubukas ng pitong vote center. Magbubukas sila araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon hanggang sa pinal na araw ng botohan, Martes, Ika-1 ng Hulyo, kung kailan magbubukas ang 13 mga vote center mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Makakahanap kayo ng vote center o opisyal na ballot drop box na malapit sa inyo sa loob ng inyong pamplet ng impormasyon ng botante, o maaari ninyong tingnan ang inyong pamplet online sa tool na Tingnan ang Isang Pamplet ng Impormasyon ng Botante (Sampol na Balota) sa sdvote.com. Ang ilang mga lokasyon ng vote center ay nagbago mula sa primaryang eleksyon noong Abril, kaya i-check ang listahan ng mga lokasyon bago kayo pumunta upang iboto ang inyong balota.

Matuto nang higit pa tungkol sa pagboto sa espesyal na pangkalahatang eleksyon sa Distrito 1 sa sdvote.com, o tumawag sa (858) 565-5800 o toll-free sa (800) 696-0136.

###

COUNTY NEWS CENTER

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE
1600 Pacific Highway, Room 208 • San Diego, CA 92101